P2-B laan ni Mayor Joy para sa libreng gamot

Naglaan si Quezon City Mayor Joy Belmonte ng may P2 bilyong pondo para sa mga gamot na laan sa mga mahihirap na taga- lungsod.

Ayon kay Belmonte, ginawa ang hakbang upang matiyak na may libreng mga gamot na mailalaan sa mga nagkakasakit na mga mahihirap.

Ngayong 2019 ay umaabot lamang sa P550,000 ang budget ng QC government na pambili ng gamot na nakakalat sa mga QC government owned hospital at barangay health centers .

"Healthcare is one of our agenda of governance, two of the often heard complaints during our campaign was the shortage of doctors and lack of medicines,Thus we have increased the budget for medicines" pahayag ni Belmonte.

Umaasa naman si Belmonte na susuportahan ng QC Council ang pagtataas sa budget sa mga gamot.

Anya magdaragdag din ang lokal na pamahalaan ng health professionals tulad ng mga doctor na ikakalat sa mga barangay health centers.

Bukod anya dito ay mapapagkalooban na ng libreng maintainance medicines at pneumococcal vaccines ang mga senior citizen sa QC. *(Angie dela Cruz)*